**LESSON 8: ANG PAGTATAGUMPAY SA TUKSO AT SA DIABLO**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

Mga Tanong:

1. Ilan sa mga kamag-anak at kaibigan mo ang nabahaginan mo na ng ebanghelyo?
2. Ano ang higit na nakapagbigay sa'yo ng kasiyahan maliban sa Panginoon?
3. Ano ang bahagi ng buhay mo ang nahihirapan ka na isuko sa Panginoon? Bakit?

Magtalaga ng magbibigay ng memory verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Santiago 1:13-16 ASND**
   13 Kung dumaranas ng tukso ang isang tao, hindi niya dapat isiping galing ito sa Dios, dahil hindi maaaring matukso ang Dios sa kasamaan, at hindi rin siya nanunukso sa kahit kanino. 14 Natutukso ang isang tao kapag nahihikayat siya at nadadala ng sariling pagnanasa. 15 At kung susundin niya ang pagnanasa niya, magbubunga ito ng kasalanan; at kung magpapatuloy siya sa kasalanan, hahantong ito sa kamatayan.
   16 Kaya huwag kayong magpadaya, mga minamahal kong kapatid.

2. **Mateo 26:41 ASND**
   Magpuyat kayo at manalangin upang hindi kayo madaig ng tukso. Ang espiritu'y handang sumunod, ngunit mahina ang laman."

3. **1 Corinto 10:13 ASND**
   Walang pagsubok na dumarating sa inyo na hindi naranasan ng ibang tao. Ngunit maaasahan natin ang pangako ng Dios na hindi niya tayo pababayaang subukin ng higit pa sa ating makakaya. Kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok, gagawa siya ng paraan para mapagtagumpayan ninyo ito.

4. **1 Timoteo 6:9-10 ASND**
   9 Ang mga taong naghahangad yumaman ay nahuhulog sa tukso, sa isang bitag ng mapanira at walang kabuluhang mga hangarin na nagdadala sa kanila sa kapahamakan. 10 Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang sobrang paghahangad ng salapi ang nagtulak sa iba na tumalikod sa pananampalataya at nagdulot ng maraming paghihinagpis sa buhay nila.

5. **1 Timoteo 6:11-12 ASND**
   11 Ngunit ikaw, bilang lingkod ng Dios, iwasan mo ang mga bagay na iyan. Sikapin mong mamuhay nang matuwid, banal, may matibay na pananampalataya, mapagmahal, mapagtiis at mabait sa kapwa. 12 Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mong mabuti ang buhay na walang hanggan, dahil tinawag ka ng Dios para sa buhay na ito nang ipahayag mo ang pananampalataya mo sa harap ng maraming saksi.

6. **2 Timoteo 2:21-22**
   21 Ang mga taong lumalayo sa kasamaan ay nabibilang sa mga kasangkapang ginagamit sa mahahalagang okasyon. Nakatalaga sila sa Panginoon, kapaki-pakinabang sa kanya, at laging handa sa lahat ng mabubuting gawain. 22 Kaya iwasan mo ang masasamang hilig ng kabataan. Pagsikapan mong mamuhay nang matuwid, tapat, mapagmahal at may mabuting pakikitungo sa kapwa, kasama ng mga tumatawag sa Panginoon nang may malinis na puso.

7. **Hebreo 4:15-16 ASND**
   15 Nadarama rin ng ating punong pari ang lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala. 16 Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Dios para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.

8. **Santiago 4:7 ASND**
   Kaya magpasakop kayo sa Dios. Labanan n'yo ang diyablo at lalayo ito sa inyo.

9. **1 Pedro 5:8-9 ASND**
   8 Humanda kayo at mag-ingat, dahil ang kaaway ninyong si Satanas ay umaali-aligid na parang leong umaatungal at naghahanap ng malalapa. 9 Patatagin ninyo ang inyong pananampalataya sa Dios at labanan ninyo si Satanas. Alalahanin ninyong hindi lang kayo ang naghihirap kundi pati ang mga kapatid n'yo kay Cristo sa buong mundo. Nararanasan din nila ang mga paghihirap na ito.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang tukso ay galing kay Satanas at hind isa Dios. Alam ng demonyo kung alin ang mahinang bahagi ng ating  buhay pagdating sa tukso kung kaya ito ay kanyang pinupuntirya na sirain sa atin. Kaya kailangan nating palakasin ang mahinang bahagi na ito ng ating buhay sa pamamagitan ng pag-amin sa Dios ng ating kahinaan at pag-angkin ng Kanyang kalakasan.
2. Ang isa sa pinaka praktikal na paglaban sa tukso ay pag-iwas dito. May kasabihan tayo na, "Ang kahoy na babad sa tubig kapag nadarang sa apoy ay nagliliyab din."
3. Ang panalangin at pag-aaral ng Biblia ang pinakamainam na panlaban sa tukso.
4. Humingi tayo ng saklolo sa Panginoon sa panahon na tayo ay natutukso at Siya ay gagawa kaagad ng paraan ng pagtakas upang tayo ay iligtas.
5. Sa panahon na ikaw ay natutukso, utusan mo ang iyong isip at puso sa pangalan ni Hesus na labanan ang tukso, at utusan mo ang mga masasamang espiritu ng tukso upang ikaw ay layuan.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga s aiyo na nais mong bahaginan ng mga lessons. Siguraduhin na mayroon na 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masimulan na turuan ng mga lessons.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin at ipag-ayuno araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** 1 Corinto 10:13 / Mateo 26:41

**CATCH THE VISION**:

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Juan 4:34-35)

34 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang pagkain ko ay ang pagsunod sa kalooban ng nagsugo sa akin at ang pagtupad sa kanyang ipinapagawa. 35 Hindi ba sinasabi n’yo na apat na buwan pa bago ang anihan? Ngunit sinasabi ko sa inyo, anihan na. Tingnan n’yo ang mga taong dumarating, para silang mga pananim sa bukid na hinog na at pwede nang anihin!

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.